**Mga Bantas ang Nagsilbi kong Guro**

Maaga akong minulat ng buhay sa realidad. Mula nang unang nasira ang paborito kong manika kahit na iningat-ingatan ko iyon nang lubusan; nang mag-expire at naging maasim ang kendi na pinagsumikapan ko sanang itabi upang umabot nang tatlong buwan; at nang mamatay si Papa noong ako ay pitong taong gulang kahit nangako siyang hindi niya ako iiwan – alam kong lahat ng bagay ay dumarating sa wakas.

Mula elementarya, hinubog na ang aking pahat na isip sa mga kaalamang ipinunla sa akin ng bawat pag-indayog sa hiwaga ng edukasyon. Naaalala ko noong ako ay tumuntong sa ika-apat na baitang. Isa sa aming mga naging talakayan ay ang iba't ibang bantas – kung ano ang kahulugan ng mga ito at kung paano ito wastong ginagamit sa pangungusap. Ang tuldok, kadalasan daw itong ginagamit sa hulihan ng pangungusap. Sa mga pangungusap na paturol o pautos, ito raw dapat ang inilalagay. Ang tutuldok-kuwit, hudyat naman ng pagwawakas ng isang pangungusap na kaagad susundan ng isa pang sugnay. Ang tandang-pananong, sa pagtatanong. Ang tandang padamdam, sa pagpapahayag ng emosyon.

Ang konseptong ito ay isinukbit ko sa aking balikat upang magsilbi kong kasama saan man ako dal'hin ng mga paa kong mapagtuklas. Ngunit ang hindi ko inasahan, darating pala ang panahong hindi na guro ang magtuturo sa akin. Hindi na silid-aralan ang lugar kung saan ako matututo. Nakapagtatampo lamang na may aralin sa mga bantas ang hindi naituro ni Gng. Ruby. Dahil makalipas ang walong taon, saka ko

lamang nalaman kung paanong konektado ang bawat tuldok, ang bawat tutuldok-kuwit, ang bawat tandang pananong at padamdam . . . sa buhay.

Noong unang beses na narinig ko ang terminolohiyang “Covid-19”, Marso iyon, taong 2020, hindi kaagad ako naniwala. Ang una kong bulalas: Gawa-gawa lang ‘yan ng medya! Kagaya ng aking mga kaklase, na noo’y abala sa paparating na kompetisyon sa Festival Dance, hindi rin ako nangamba. Tuloy ang buhay, walang makapipigil.

Nang unang beses na may naitalang kaso ng binabanggit nilang sakit sa Pilipinas, hindi pa rin ako naniwala. Mas pinili kong paniwalaan ang sarili kong paniniwalang hindi naman iyon malala. Na ordinaryong lagnat at sipon lamang ang sinasabi nilang nakamamatay na karamdaman. Nang magdeklara si Duterte ng lockdown sa buong bansa, na tatagal daw ng dalawang linggo, walang mapagsidlan ang aking tuwa. Kaagad kong inisip ang mga maaari kong pagkaabalahan. *Hmm* . . . manonood ng *K-drama*? Magbabasa ng mga kuwento sa *Wattpad*? Magpaparami ng taga-hanga sa *Tiktok*? Puwede ring  matulog na lamang nang matulog. Nasabik ako – kagaya ng kahit na sino. Sa isip ko noon, magiging mahaba ang bakasyon!

Ngunit sa kasamaang-palad, nagdilang-anghel ang aking isip. Ang dalawang linggong lockdown, humaba nang humaba nang humaba. Ang mga naitatalang kaso ng nahahawa ng sakit bawat araw, tumaas nang tumaas nang tumaas. Hanggang sa ang dalawang linggo, naging buwan . . . at taon. At ang inakala kong simpleng lagnat at sipon, nagdulot ng kasawian sa buhay, ekonomiya, at situwasyon. Ikinulong tayo ng sakit sa apat na haligi ng bawat tahanan. Mistula tayong mga bilanggong binilanggo nang walang kalaban-laban.

Nagsisi ako. Hindi dahil sa hindi ako naniwala kaagad – kung ‘di dahil sa katotohanang hindi ko nagawang sulitin ang mga huling araw ng aking kuwento bilang mag-aaral sa ika-siyam na baitang. Kung batid ko lamang na ang pagsasaya ko nang mag-anunsiyo ng dalawang linggong walang pasok, ay mauuwi sa pag-iyak gabi-gabi dahil sa takot, pangamba, at pagsisisi – hindi na sana ako nagsaya. Hindi ko na sana ipinagbunyi ang dalawang linggong nauwi sa dalawang taong pagdurusa.

*Tandang-pananong at tandang-padamdam.* Sa lahat ng nangyari at aking mga naranasan, hindi ko maiwasang tanungin ang aking sarili: *Bakit? Bakit nangyayari ang lahat ng ito? Bakit kailangang laksa-laksang buhay ang mawala? Bakit kailangan nating magdusa sa sakit na bumago sa takbo ng buhay?* Pero sa tuwing naitatanong ko ang mga ito, kapag madilim na ang paligid at tanging tibok na lamang ng aking puso ang naririnig, palagi akong nauuwi sa iisang sagot: *Dahil may dahilan ang lahat*. Tunay nga, may dahilan ang lahat.

Marahil, hindi natin malalaman ang halaga ng bawat paghinga, kung hindi natin masasaksihan ang libo-libong hiningang napapatid kada araw. Marahil, hindi natin maisasatitik at maisasabantas ang bawat emosyong ating nararamdaman, kung hindi natin naranasan ang lumuha at gupuin ng kahinaan. At siguro, hindi natin magagawang maging matapang, kung hindi tayo binalot ng takot sa bawat kalsadang ating pinagdaanan sa loob ng dalawang taon ng dilim at kawalan. At sa lahat ng natutuhan nating butil ng aral at binhi ng realisasyon, gusto kong tanungin ang aking sarili: *Hanggang saan ka dadal’hin ng buhay?*

Hindi ko alam ang sagot. Pero balang-araw, ang mga naranasan kong hinagpis at sagwil sa kasagsagan ng pandemya, ay magiging kuwento ng katatagan at pagbangon na isasalin sa bawat dila.

*Tutulduk-kuwit at tuldok*. Hindi pa tapos ang pahina ng ating buhay; kagaya ng bantas na ginamit ko sa pangungusap na ito. Marami mang natibag na mga relasyon, nahirapan sa bagong paraan ng pag-aaral, muntik nang sumuko at magpatihulog sa bangin ng depresyon, at mawalan ng buhay nang mahawaan ng sakit, kailangan pa rin nating magpatuloy. Hindi ito ang panahon para tumigil. Panahon ito ng pagbangon at patuloy na pagsuong. Ano pa't kabataan tayong pinamanahan ng kalayaan, kung hindi natin palalayain ang ating sarili mula sa madilim na pahina ng pandemyang nagdaan?

Kagaya ng manika ko noong ako'y musmos, kahit anong pilit nating ingat sa mga bagay ay maaari pa rin itong masira. Kagaya ng kendi na iningatan ko pa at itinabi para sana hindi masira, aasim pa rin ang lahat, aamagin, at hindi na makakain. At kagaya ng tatay kong nangakong hindi ako iiwan, matatapos pa rin ang buhay gaano man natin ito gustong pahabain. Iyan kasi ang realidad ng buhay. Walang permanente; lahat ay nagbabago . . . at nawawala.

Pero bilang kabataan, hindi na tayo basta-basta matitibag ng mga paparating na unos. Mula ngayon at sa mga susunod na bukas, tangan-tangan na natin ang pusong pinanday ng dalawang taong kadiliman; at isip na hinubog ng pandemyang minsang sumubok sa ating katatagan. Hindi malayo ang bukas. Maaari itong dumatal sa isang kisapmata. Ngunit huwag tayong matatakot at muling pasisindak. Kung nagawa nating

harapin ang bagong mundo nang may tapang at paninindigan, magagawa rin nating malampasan ang bawat pagsubok na maaari pang itapon ng mapaglarong tadhana.

Hangga't may tutuldok-kuwit na magpapaalalang hindi pa tapos ang pangungusap, dahil ito ay masusundan at masusundan ng kahit ilang sugnay, at hangga't nasa atin ang biyaya ng buhay at paghinga, gawin natin ang lahat, sulitin natin ang bawat sandali, at magsilbi tayong bayani ng sarili nating karanasan. Para kapag dumating ang lahat sa tuldok, *wala tayong pagsisihan.*

Hanggang ngayon, nagtatampo pa rin ako kay Gng. Ruby at sa lahat ng mga naging guro ko mula elementarya hanggang kasalukuyan. Hindi kasi nila sinabing hindi lamang sa silid-aralan nangyayari ang pagkatuto. Hindi nila pinaliwanag na hindi lang tao ang nagiging guro. Wala mula sa kanila ang nakapagsabing ang bawat bantas ay kaugnay ng buhay. Walang naghanda sa akin sa katotohanang darating ang araw at ang mga bantas na minsan kong pinaglaruan sa loob ng silid-aralan; ang mga bantas na sa papel ko lamang noon nasusumpungan – ay  ang mga bantas na magtuturo sa akin ng mga aral na hindi ko natutuhan sa paaralan.

Sa nakalipas kasing dalawang taon, mga bantas ang nagsilbi kong guro; at karanasan, wala nang iba, ang nagsilbi kong taga-payo.